السنّة النبوية وعلومها
www.sunnah.global

# Huwag kayong magpakatuto ng kaalaman upang makipagmayabang kayo nito sa mga maalam at hindi upang makipagtaltalan kayo nito sa mga hunghang

Ayon kay Jābir bin `Abdillāh (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Huwag kayong magpakatuto ng kaalaman upang makipagmayabang kayo nito sa mga maalam at hindi upang makipagtaltalan kayo nito sa mga hunghang. Huwag kayong mamili sa pamamagitan nito ng mga upuan sapagkat ang sinumang gumawa niyon ay ang Apoy, ang Apoy [ang papasukin]."}
[Tumpak] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah]

Nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa paghahanap ng kaalaman para makipagyabangan at makipagtagisan sa mga maalam, sa paghahayag ng ganito: "Ako ay marunong tulad ninyo," o makipagtalumpati at makipagdebate sa pamamagitan nito sa mga hunghang at mga mahina ang mga isip, o magpakatuto upang manguna sa mga pagtitipon at unahin sa iba sa kanya roon. Ang sinumang gumawa niyon, tunay na siya ay nagiging karapat-dapat sa Impiyerno dahil sa pagpapakitang-tao niya at kawalan ng pagpapakawagas sa paghahanap ng kaalaman para kay Allāh.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/65047

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee